PAHAYAGAN NG
**Kabitenyo**
ISSN-1656-0558
VOL.21 NO.02 MARCH 7-13, 2022 10.00

# BATAAN-CAVITE BRIDGE PROJECT, MAKAPAGBIBIGAY NG 'MASSIVE ECONOMIC GROWTH' SA LUZON

**Sa isang pahayag nitong Huwebes, sinabi ni Bataan Governor Albert Garcia na ang interlink bridge project ng Cavite at Bataan ay makapagbibigay ng "massive economic growth" sa buong Luzon at sa bansa.**

Sa kasalukuyan ay nasa 34% na ang Bataan-Cavite Interlink Bridge at inaasahang matatapos sa taong 2023.

"Inaasahang magiging mitsa ng napakalaking pagbangong pang-ekonomiya ang Bataan-Cavite Interlink Bridge hindi lamang sa mga probinsya ng Bataan at Cavite, kung hindi maging sa buong bansa dahil mapagdudugtong nito ang Region 3 at Region 4-A pati na ang National Capital Region," pahayag ni Garcia sa isang interbyu.


Aniya, ang proyekto ay magbibigay ng mas maraming oportunidad para sa ekonomiya at turismo ng lalawigan at gayundin ay magtataguyod ng mataas na kalidad ng pamumuhay para sa bawat residente ng Bataan.

Sinabi ni Garcia na nagsagawa ang Department of Public Works and Highways noong Miyerkules ng



inter-agency steering committee meeting upang bigyang-daan ang mga mungkahi, ideya, isyu, at alalahanin ng mga stakeholder sa pagtatayo ng tulay.

Source: PNA




# CAVITE CITY LGU, NAGHAHANDA UPANG MAKAIWAS SA PANIBAGONG SUNOG

Bunsod ng sunod sunod na insidente ng mga sunog, ipinag-utos ni Cavite City Mayor Bernardo "Totie" Paredes sa mga tauhan ng lokal na pamahalaan, kapulisan at bumbero sa lungsod na maging handa sa anumang oras.

Batay sa alkalde, ginagawa ng LGU ang lahat ng paraan upang huwag ng maulit ang malalaking sunog na nangyari sa lungsod, na nakaapekto sa daan-daang pamilya.

Hinikayat niya ang mga nasasakupan upang maging kalmado at maging mapagmatyag sa gitna ng mga kumakalat na impormasyon sa social media na di umano'y arson o sinadya ang mga naganap na sunog.



"Inaasahan ko po ang kooperasyon ng lahat at maging kalmado at maging mapagmasid lalo na sa mga fake news at mga tao na nagpapakalat ng maling impormasyon sa mga kaganapan ngayon," ani Paredes.

"Maging mapanuri po tayo at magtiwala sa mga namumuno sa ating mga barangay. I-report agad ang mga tao na kahinahinala nasa ating mga barangay upang makasiguro at makaiwas sa panic at kaguluhan," dagdag niya.

Sa kasalukuyan ay patuloy ang imbestigasyon sa mga naganap na sunog sa nasabing lungsod.

# LIVELIHOOD PROGRAM, TRAINING PARA SA MGA KABABAIHAN, MULING ISINAGAWA SA LUNGSOD NG TRECE MARTIRES

Muling nagkaroon ng pagsasanay o training ang mga kababaihan na kasapi ng Group of Empowered woMen (GEM) sa lungsod ng Trece Martires kamakailan.

Ang naturang training ay ginanap sa ipinagawang Meat Processing Plant ng lungsod. Layon nito na makapagturo ng iba't ibang kasanayan sa mga kababaihan na nais magkaroon ng pagkakakitaan.

Kasama sa mga nabigyan ng pagsasanay ay ang mga residente mula sa Barangay Luciano,



Lapidario De Ocampo, Cabuco, Inocencio at Aguado.

Ayon kay Mayor Gemma Lubigan, magkakaroon pa ng schedule pagsasanay sa 7 pang natitirang mga barangay sa kanilang lungsod.

Source/Photos: Mayor Gemma Buendia Lubigan




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# DASMARIÑAS MAYOR JENNY BARZAGA, SUMAGOT SA PARATANG NI BEN TULFO: 'HINDI AKO MARITES'

Sa pamamagitan ng isang opisyal na pahayag, sinagot ni Dasmarinas City Mayor Jenny Barzaga ang naging mga akusasyon ni Ben Tulfo maging ang pagbansag nito sa kaniya bilang "Mayor Marites".

Pinabulaan ng alkalde ang akusasyon ni Tulfo na isa siyang 'Marites'. Aniya, alam ng mga kababayan nya sa lungsod ang kanyang naging serbisyo publiko.

Bwelta ni Barzaga, "Hindi ako pinalaki ng aking magulang upang maging tsismosa kaya wala kang karapatan Ginoong Tulfo na tawagin akong "Marites".

Ipinaliwanag rin niya ang dahilan kung bakit hindi napagbigyan ang phone patch interview. Kaya naman hindi umano naging tama at patas ang mga naging paratang ni Ben Tulfo matapos siyang hindi ma-contact sa Bitag Live.

"Uulitin ko, ang sulat na ipinadala nila sa email ay para muli sa phone patch interview at hindi ang [formal] complaint na una kong hinihingi. Naaayon sa batas na pangalagaan ang consumer rights ngunit kaakibat niya ay ang paggalang din sa karapatan at interes ng mga namumuhunan dito sa aming lungsod katulad ng MG Motors na isang car dealer," paliwanag ni Barzaga.

"Hindi naman natin maaaring i-shortcut ang proseso upang mapaboran lamang ang hiling ng programa ni Ginoong Tulfo o ano pa mang parehong programa sa telebisyon o radyo," dagdag niya.



Mayor Jenny Austria-Barzaga

# Magpapayat sa tamang paraan

DOC WILLIE - Dr. Willie T. Ong -

**Narito ang mga paraan kung paano magpapayat sa tamang paraan:**

1. Para sa mga nanay, kung mamamalengke, piliin ang karne na konti lang ang taba. Ihiwalay ang taba sa laman bago iluto.
2. Mas healthy ang pag-ihaw at pag-steam ng pagkain kaysa sa laging pagprito. Puwedeng mag-ihaw ng karne o mag-steam ng mga gulay tulad ng talong, okra at talbos. Kung gusto ng healthy na sawsawan sa gulay, subukan ang suka na nakapapayat pa.
3. Sa paggamit naman ng mantika, konti lang ang ilagay. Tandaan natin na may calories ang mantika at puwede itong magpataas ng inyong kolesterol.
4. Sa pagtimpla ng pagkain, hinay-hinay lang sa paglagay ng asin. Ang asin ang kalaban ng mga may altapresyon at may sakit sa puso. Kapag sobra sa asin puwedeng ma-high blood at magmamanas ang paa.
5. Kapag naghahanda ng pagkain, bumili ng maliit na plato. Ito 'yung 9 inches na plato. Huwag bumili ng 12 inches. Kailangang masanay ang ating pag-iisip na konti lang ang iyong isasandok na pagkain.
6. At kung ano ang inilagay mo sa plato, iyon lang ang kainin. Bawal ang dukut-dukot o second serving. Mga nanay, huwag piliting ubusin ang tirang pagkain. Tataba kayo niyan.
7. Bago mag-umpisang kumain, uminom muna ng 1 basong tubig para mabusog ng kaunti. Puwede ring uminom ng clear soup. Kapag umiinom tayo ng mga likido, medyo nakukumbimsi natin ang ating utak na nabubusog na tayo.
8. Magbawas sa pagkain ng kanin. Kung dati at 2 cups ng kanin ang kinakain, gawin na lang 1 cup rice.
9. Huling payo. Dahan-dahanin lang ang pagpapapayat. Huwag gutumin ang sarili. Kumain ng pakonti-konti sa buong araw, tulad ng mansanas, saging o pandesal, para laging may laman ang inyong tiyan. Good luck po.




# EDITORIAL

## Masamang dulot ng e-sabong

Noong nakaraang Abril 2021 lang nag-operate ang e-sabong na may pahintulot ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (Pagcor). Sa kasalukuyan, pitong kompanya ang binigyan ng lisensiya ng Pagcor para makapag-operate.

Nag-hit ang e-sabong makaraang ipagbawal ang aktuwal na sabong sa mga sabungan at pati mga tupada dahil sa pandemya. Isa ang mga sabungan sa super-spreader ng virus. Napag-alaman na ang mga sabu-ngan ang karaniwang pinanggagalingan ng virus. Mula sa sabungan, dadalhin ng sabungero ang virus- sa kanyang bahay at infected na ang kanyang buong pamilya.

Sa e-sabong, puwede nang mapanood sa cell phones at iba pang gadgets. Online ang tayaan. Dahil online, maraming nakakapanood at pati mga menor-de-edad puwedeng ma-access. Ang resulta, maraming nalululong o naaadik sa sugal na ito online. Ang iba dahil sa pagkahumaling, natatalo nang malaki. Ubos ang pera. Dahil gustong makabawi, makakaisip magnakaw.

Halimbawa rito ang isang pulis mula sa Gloria, Oriental Mindoro na natalo ng milyong piso sa e-sabong. Dahil gustong makabawi, naisipang magnakaw ng pulis at pinuntirya ang isang hardware store. Pero natiklo siya at ngayo'y kinasuhan na. Nakilala ang pulis na si Cpl. Leonell Maranan.

Pati mga OFW ay nahuhumaling din sa e-sabong at walang naiuuwing pera sa pamilya. Dahil sa laki ng utang, ang separation pay ay pambayad lamang sa pinagkautangan dahil sa pagkaadik sa e-sabong.

Pero ang pinakamasama, maraming nawalang sabungero na ngayon ay hindi pa nakikita. Ayon sa report, 30 sabungero ang nawawala mula pa noong Disyembre 2021. Ang ugat ng pagkawala ay dahil sa e-sabong. Sangkot umano sa "game fixing" ang mga nawalang sabungeros. Ayon kay Sen. Bato dela Rosa, posibleng sangkot ang mga pulis sa pagkawala ng mga sabungeros. Nagpatawag ng Senate inquiry si Dela Rosa dahil sa pagkawala ng mga sabungeros.

Tamang hakbang ang ginawang pagsuspende sa e-sabong. Marami pang sisirain ang sugal na ito kung hindi ipatitigil. Siguruhin lamang na maipatutupad ang kautusan ng presidente. Nararapat namang kumilos ang Philippine National Police para matagpuan ang mga nawawalang sabungeros.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher
DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager
ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## GUHIT NG KAPALARAN

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Mag-ingat dahil magkakaroon ng balakid ang negosyo o transaksyon. Kung may suliranin sa umaga, mag-relax muna at i-cancel o i-postpone ang mga appointments. Lucky numbers at color for the day ang 5, 10, 18, 35 at apple green.

ARIES: (Mar. 21- Abr. 19) Charming ang look mo ngayon. Kaya huwag magtaka kung may manliligaw o tagaha-nga. Lucky numbers at color for the day ang 3, 18, 28, 36 at emerald green.

TAURUS: (Abr. 20-MaY. 20) Kung hindi mapaglalabanan, absent ka sa trabaho dahil tatamarin ka o magkaroon ng kaunting karamdaman. Lucky numbers at color for the day ang 5, 12, 27, 39 at pink.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Huwag asahan ang anumang tulong mula sa iba. Sariling sikap ka ngayon. Mapagtatanto mo ang mahalaga nito ngayon. Lucky numbers at color for the day ang 6, 15, 26, 31 at cream.

CANCER: (Hun. 2-Hul. 22) Malalantad ang katotohanan. Kung may itinatagong lihim, malalaman. Kung nagsisinu-ngaling, yari ka! Lucky numbers at color for the day ang 5, 25, 31, 43 at light blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mag-ingat dahil malapit ka ngayon sa mga taong tuso, mapagkunwari at mandarambong. Huwag basta magtiwala. Lucky numbers at color for the day ang 7, 10, 24, 35 at tangerine.

VIRGO: (Ago. 23-Set. 23) Kung may itinatagong lihim, malamang mabun-yag. Kung may utang sisingilin ng pinagkakautangan. Lucky numbers at color for the day ang 1, 17, 38, 40 at green.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Ang problema sa pag-ibig ay susulpot. Kung mangyayari, unawa at hinahon ang kailangan para walang dedmahan. Lucky numbers at color for the day ang 17, 22, 34, 42 at purple.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Kung may balak na pagnenegosyo at sisimulan ngayon, may kaunlaran. Kung may plano, isagawa. Lucky numbers at color for the day ang 1, 21, 32, 45 at blue.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Iwasan na maging mapanghusga sa kapwa. Dahil maaaring salamin lang ito ng iyong sariling gawa. Lucky numbers at color for the day ang 4, 20, 28, 43 at indigo.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Mag-ingat dahil ikaw ang gagawa ng sariling kapahamakan. Kung duda sa ginagawa, huwag ituloy. Lucky numbers at color for the day ang 3, 19, 31, 35 at orange.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Kung may naisip, gawin kaagad dahil ito ay may magandang resulta. Iwasan ang magpaliguy-ligoy. Lucky numbers at color for the day ang 2, 18, 27, 38 at violet.

# Pinoys extracted from Ukraine await repatriation



GOING HOME. The 25 Filipinos evacuated from Ukraine to Moldova head to Romania for their eventual repatriation to the Philippines. The group is expected to depart Bucharest on Sunday for Dubai, where they will fly homebound via a Philippine Airlines flight. (Photo courtesy of Philippine Embassy in Budapest)

MANILA – A total of 25 Filipinos extracted from war-torn Ukraine to Moldova are now waiting to be repatriated home, the Department of Foreign Affairs (DFA) reported Thursday night.

The 25 left Moldova for Bucharest, Romania through the assistance of the Philippine Embassy in Hungary and Honorary Consul in Chisinau Victor Gaina.

Of this number, 21 are crew members of bulk carrier MV S-Breeze that had been on drydock in the port of Odessa, Ukraine since January 27, 2022.

The DFA said the Filipinos would depart Romania on Sunday for Dubai, where they will fly home via a Philippine Airlines flight. The group is expected to arrive in Manila by Tuesday.

In a virtual forum, Philippine Ambassador to Hungary Frank Cimafranca estimated that around 200 Filipino seafarers are still stranded in various port cities in Ukraine, including Odessa, Chornomorsk and Yuzhne, among others.

Cimafranca said the Embassy is monitoring them but he acknowledged that these seafarers cannot easily abandon their ships, especially those on board vessels where the crew members are all Filipino.

"As long as the vessels are not under attack or the lives of our seafarers are not in imminent danger then I think it's best for them to stay put in the vessel and also provided that they have still enough provisions," he said, positive that commercial ships would not be targeted intentionally.

"That's why it's safer right now, especially in the areas where there's ongoing fighting, they should just stay put in the vessel," he added.

The envoy said their evacuation would have to be coordinated with their respective manning agencies but if there are bunkers in the port, relocation is advisable.

"As Consul Gaina told me, if there will be a subsiding of the fighting or if a humanitarian corridor is provided for the safe evacuation of civilians then he can plan the evacuation of these seafarers if needed," he said.

"[S]tay put in your vessels for the moment and we will try to wait and see if there is a need for you to evacuate. Kung mayroong facilities in the port like hardened shelters, bunkers then better to also relocate there. Of course 'yong mga accidental firing minsan 'di naiiwasan 'yan kapag lumaki na 'yong gulo (If there are facilities in the port like hardened shelters, bunkers then better to also relocate there. In times of escalating conflict, accidental firing could happen)," he noted.

The Philippine Embassy in Warsaw has jurisdiction over Ukraine but the Embassy in Budapest is helping facilitate border crossings to Moldova, Romania, and Hungary, Cimafranca said.

A total of 19 Filipinos have been repatriated from Ukraine since the Russians invaded.

Four more Filipinos are waiting for a repatriation flight in Romania, 15 in Hungary and nine in Austria. Meanwhile, 19 were recently evacuated from Lviv, Ukraine to Poland. (PNA)

# Cavite bettor wins P8.9-M lotto jackpot prize

MANILA – A bettor who bought his ticket in Cavite bagged the PHP8.9-million jackpot prize in Wednesday night's jackpot of the Mega Lotto 6/45 draw.

In an advisory Thursday, the Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) said the lucky bettor guessed the winning combination of 02 -30-45-42-27-17 with a jackpot of PHP8,910,000.

The winning tickets were purchased in General Trias, Cavite.

To claim the check, the bettors must go to PCSO's main office in Mandaluyong City and present the winning ticket and two ID cards.




As provided in the Tax Reform for Acceleration and Inclusion law, lotto winnings of more than PHP10,000 shall be subject to a 20-percent final tax.

The Mega Lotto 6/45 is drawn on Monday, Wednesday, and Friday.

PCSO General Manager Royina Garma urged the public to patronize PCSO games to generate more funds for health programs, medical assistance and services and charities.

Garma said through its mandatory contributions, the agency does not only help individuals in need of medical assistance but also provides funds to government institutions. (PNA)



PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 02 MARCH 7-13, 2022 10.00

## ALERT LEVEL 1 REQUIRES FACE MASKS, PROOF OF FULL VACCINATION; ALLOWS 100 PERCENT CAPACITY

As the National Capital Region (NCR) and 38 other areas are slated to deescalate to the COVID-19 Alert Level 1 on March 1 to 15, 2022, the government's pandemic task force has released the guidelines for the said risk classification which includes, among others, the wearing of well-fitted face masks and the presentation of proof of full vaccination for election-related events.

In a statement, Cabinet Secretary Karlo Nograles said the Inter-agency Task Force (IATF) for the Management of Emerging Infectious Diseases approved the said guidelines on Sunday, February 27.

According to the acting Palace spokesman, well-fitted face masks shall be worn properly at all times, whether outdoors or in indoor private or public establishments, including in public transportation, but with the following exceptions:

- When eating and drinking
- Participating in team and individual sports in venues where ventilation standards can be maintained
- Practicing outdoor sports/exercise activities where physical distance can be maintained
- Establishments capacity

All private offices and workplaces, including public and private construction sites, may operate at full capacity, consistent with national issuances on vaccination requirements for on-site work. However, they may continue to provide flexible and alternative work arrangements.

Government offices shall adhere to the full onsite workforce. Off-site work shall be under such work arrangements subject to relevant rules and regulations



issued by the Civil Service Commission (CSC) and the Office of the President (OP).

Public transportation in areas under Alert Level 1 shall be at full seating capacity. However, for public land transportation between an area under Alert Level 1 and an area with a higher alert level classification, the passenger capacity shall be the lower passenger capacity rate.

For aviation, maritime, and rail public transport operating in and out of Alert Level 1 areas, the passenger capacity will be at 100 percent.

The use of acrylic and/or plastic dividers in public transportation shall not be required.


The use of the Safe, Swift and Smart Passage (S-PaSS) travel management system shall likewise not be required for interzonal travel to areas under Alert Level 1.

The newest addition to the guidelines is the requirement for individuals 18 years old and above to present proof of full vaccination before participating in mass gatherings or entry into indoor establishments.

The establishments in areas under Alert Level 1 include:

- In-person religious gatherings
- Gatherings for necrological services, wakes, inurnment, and funerals for COVID-19 and non-COVID-19 deaths
- All indoor dine-in services of food preparation establishments. Proof of full vaccination is not required for outdoor or al fresco dining and take-out channels
- All indoor personal care establishments such as barbershops, hair spas, hair salons, and nail spas, and those offering aesthetic/cosmetic services or procedures, make-up services, salons, spas, reflexology, and other similar procedures including home service options

SEE PAGE 6




## PANGULONG DUTERTE, NAGPATAWAG NG 'SPECIAL MEETING' KAUGNAY SA ISYU SA PAGITAN NG RUSSIA AT UKRAINE



PRESIDENT RODRIGO DUTERTE

Nagpatawag ng isang 'special meeting' si Pangulong Rodrigo Duterte na dinaluhan ng ilang opisyales ng Philippine National Police, Armed Forces of the Philippines, cabinet members, mga negosyante at sibilyan kahapon, Marso 1, 2022 upang pag-usapan ang nagaganap na tensyon sa pagitan ng Russia at Ukraine.

"I will be calling for a special meeting. We will discuss what is evolving or what's happening in Europe. I want you to listen to how important it is that we know all this is happening right now," ani Pangulong Duterte sa isang taped public address na ini-ere nitong nagdaang Lunes, ika-28 ng Pebrero.

"The invitation is for all so that we can have an exchange of ideas between the military and police on one hand, and the businessmen so that we can come up with a sensible front of how to handle this thing," dagdag pa nito.

Ayon sa pangulo, mahalaga ang magkaroon ng pagpapalitan ng opinyon kaugnay sa nagaganap na tensyon sa pagitan ng Russia at Ukraine upang mapaghandaan ang anumang maaaring idulot nito sa bansa.

Sa ngayon, hindi pa tiyak kung ano ang kabuuang napagpulungan sa nasabing 'special meeting' ngunit inatasan ng pangulo si Presidential Spokesperson Karlo Nograles para maglabas ng pahayag sa publiko kaugnay ng nasabing usapin.



Nagsimula na rin ang pagbabalik eskwela sa New Era Elementary School sa lungsod ng Dasmariñas nitong Lunes, Pebrero 28, 2022.

Ito ay matapos ilunsad ang limited face-to-face classes sa nasabing paaralan.

"All necessary health protocols was observed and strictly implemented as validated by the joint inspection personnel composed of DepEd local officials and the city government's central inspection team. All school personnel and pupils are vaccinated and every year level only has one section open with a maximum of 15 learners per class," pahayag ni Mayor Jenny Austria-Barzaga.

Inaasahan rin umano na mas maraming estudyante ang magbabalik eskwela sa pagbubukas ng mas maraming eskwelahan sa mga susunod na linggo o buwan matapos ang kanilang validation process.

"More schools will undergo rigid preparations gearing up for limited face-to-face opening of classes in the coming months," pahayag ng alkalde.

Source/Photos: PIA Cavite, Mayor Jenny Austria-Barzaga